**Tatanggalin ng Lungsod ng Brampton ang mga limitasyon sa kapasidad kasunod ng anunsyo ng Lalawigan**

BRAMPTON, ON (Oktubre 22, 2021) – Kasunod ng anunsyo ng Pamahalaan ng Ontario sa araw na ito, ang Lungsod ng Brampton ay maghahanda para ligtas na tanggalin ang mga limitasyon kaayon sa Plano sa Ligtas na Muling Pagbubukas ng Ontario at  Pagkontrol sa COVID-19 para sa Mahabang Panahon. Salamat sa commitment ng ating komunidad at sa mga partner sa health care ng Ontario, nagagawa nating umabante. Hanggang Oktubre 22, 2021, halos 84 porsyento ng kwalipikadong populasyon ng Ontario ang kumpleto nang nabakunahan, gamit ang higit sa 22.3 milyong dosis ng mga bakuna sa COVID-19 na inilapat sa buong lalawigan.

Simula sa Lunes, Oktubre 25 sa 12:01 am, magagawa ng sumusunod na mga setting na tanggalin ang limit sa kapasidad at ang mga hinihingi sa pisikal na paglayo mula sa iba kung saan ang patunay ng pagbabakuna ay hinihingi.

- Mga pasilidad ng isport, recreational fitness  (tulad ng, mga gym), pagsasanay sa  physical fitness at mga waterpark
- Mga casino, bingo hall, at iba pang mga establisyemento ng mga pasugalan
- Mga espasyo ng pagpupulong at event (indoor)

Ang sumusunod na mga setting ay magagawang tanggalin ang limitasyon sa kapasidad at mga ipinag-utos na paglayo mula sa iba kung pipiliin nila na mangailangan ng patunay ng pagbabakuna.

- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga (hal.. mga barber shop, salon, body art);
- Indoor na mga bahagi ng mga museyo, gallery, aquarium, zoo, sentrong pang-agham, landmark, makasaysayang lugar, botanical garden at katulad na mga atraksyon;
- Indoor na bahagi ng amusement park;
- Indoor na mga bahagi ng fairs, rural exhibitions, festivals;
- Indoor na mga serbisyo ng tour at guide;
- Mga boat tour;
- Indoor na mga bahagi ng mga marina at boating club;
- Indoor na mga clubhouse at outdoor na mga panlibangang amenities;
- Open house na mga event na ibinigay ng mga ahensya ng real estate; at
- Indoor na mga bahagi ng mga photography studio at mga serbisyo.

Sa susunod na anim na buwan, magsisikap ang Ontario na dahan-dahang tanggalin ang lahat ng natitirang mga pamamaraan ng public health at ng lugar ng trabaho, kabilang ang iniuutos ng lalawigan na patunay ng pagpapabakuba at pagsuot ng mask sa indoor na mga setting ng publiko.

Mula Setyembre 22, ang patunay ng kumpletong pagbakuna ay hinihingi para maka-access sa bilang ng mga negosyo at settings. Hanggang Oktubre 22, 2021, 4-8 milyon na mga Ontarian ang nag-download ng kanilang enhanced na sertipiko ng bakuna, at isang milyon katao ang gumagamit ng Verify Ontario app. I-click dito para mai-download ang sertipiko ng iyong bakuna.

Para sa iba pang mga anunsyo ng Lalawigan, bisitahin ang ontario.ca/news

**Mga serbisyo at pasilidad ng Lungsod**

Brampton Entrepreneur Centre
Mananatiling sarado ang Brampton Entrepreneur Centre sa mga personal na pagbisita hanggang sa karagdagang abiso habang patuloy tayong nakatuon sa kalusugan at kaligtasan ng staff at ng mga kliyente. Ibabahagi ang mas maraming impormasyon tungkol sa ating ligtas at magaganap na pagbubukas kung available na ito.

Patuloy na maa-access ng mga lokal na negosyo ang mga birtwal na programa at serbisyo at makipag-ugnayan sa bec@brampton.ca para sa impormasyon at suporta.

Recreation
Ang mga pasilidad ng fitness ng Lungsod ng Brampton ay magpapahintulot sa dinagdagang kapasidad umpisa Lunes, Oktubre . Kakailanganin pa rin ang pre-registration at patunay ng pagbakuna para sa lahat ng pagbisita. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang brampton.ca/recreation

**Mga Pagbabakuna**
Ang mga bakuna ay ang pinakamabuting paraan para protektahan ang iyong sarili at ang iba. Ang sinuman na naninirahan, nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan sa Peel at 12 taong gulang o mas matanda ay maaaring mag-book ng kanilang appointment sa unang dosis. Para sa pinaka- up-to-date na impormasyon sa mga pagbabakuna sa COVID-19, bisitahin ang portal ng bakuna ng Lalawigan

**Mga Link**

- Programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton
- Pagpapanatiling ligtas sa mga negosyo at lugar ng trabaho sa panahon ng COVID-19
- Enhanced na Sertipiko ng Bakuna sa COVID-19 gamit ang QR Code at Verify Ontario App
- Pagprotekta sa iyong sarili at sa iba mula sa COVID-19
- Mga bakuna sa COVID-19

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca